# ANG UNIBERSIDAD NG PILIPINAS: UNA SA PAGLIKHA NG KARUNUNGAN, UNA SA PAGLILINGKOD SA BAYAN[1]

ni Sergio S. Cao

Pangarap ko ang isang Unibersidad ng Pilipinas na nangungunang research university. Isang unibersidad na nangunguna sa paglikha ng karunungan, sa pananaliksik, at sa malikhaing gawa. Isang unibersidad na mag-aangat sa kalagayan ng bansa at magpapabuti sa buhay ng bawat Pilipino. Isang unibersidad na tinitingala sa bansa, sa rehiyon, at sa buong daigdig.

## LAYUNIN NG UNIBERSIDAD

Malinaw ang layunin ng Unibersidad ng Pilipinas (UP) na maging isang komunidad ng mga iskolar na nakatalagang tuklasin ang katotohanan at karunungan, at humubog ng mga pinuno para sa kinabukasan.[2] Bilang pambansang unibersidad, malaki ang inaasahan sa UP upang magtaglay ng pinakamataas na antas ng kagalingan sa pagtuturo, pananaliksik, serbisyong ekstensiyon, at paglilingkod-bayan.

Nakasaad sa bagong UP Charter na ang pambansang unibersidad ay may tungkuling

> "To serve as a research university by conducting basic and applied research, and promoting research in various colleges and universities, and contributing to the dissemination and application of knowledge."

Sa mga tungkuling nakaatang sa UP gaya ng magtakda ng mataas na pamantayang akademiko, magsilbing unibersidad para sa gradwadong antas, manguna bilang unibersidad na naglilingkod sa bayan, maging rehiyonal at global na unibersidad, ang pinakamahirap tuparin ay ang mapabilang sa mga iginagalang at kinikilalang research university sa mundo. Kaya't ang pagtaas ng dami at kalidad ng pananaliksik sa unibersidad ang dapat bigyang diin.

Sa buong bansa, mayroong 110 State Universities and Colleges (SUCs), 89 Local Universities and Colleges (LUCs), at 1,575 pribadong unibersidad at kolehiyo.[3] Ang lahat ay nagtuturo at marami rin ang nagsasaliksik, ngunit ang UP na may pinakamalaking bilang ng guro at kawaning mananaliksik at pinakamaraming Center of Excellence at Center of Development ang may sapat na kasanayan, kakayahan, at kahusayan, at bilang pambansang unibersidad, ay may pananagutang gumawa ng estratehikong pagpapasiya na maging isang ganap na research university.

Paano ito mangyayari? Paano ito gagawin? Paano ito matutupad?

## ANG ESTADO NG SALIKSIK AT MALIKHAING GAWA SA UNIBERSIDAD

Sa katunayan, maraming pananaliksik at malikhaing gawa (creative work) ang produkto ng unibersidad. Maraming mananaliksik ang nakakakuha ng research grants sa loob at labas ng bansa. Marami ring saliksik ang naibabahagi sa mga pambansa at pandaigdigang kumperensiya at nalalathala sa mga akademiko at siyentipikong journal. Ngunit sapat na ba ito sa pamantayan upang maituring ang UP bilang ganap na research university?

Ayon sa Asiaweek noong 2000[4], ang "citations in international journals per teacher/researcher" ng UP ay 0.02. Mababa ito kung ikukumpara sa 1.49 ng Kyoto University na nanguna sa ranking at sa 0.71 ng National University of Singapore o maging sa 0.12 ng Universiti Sains Malaysia. Maraming lokal na journal sa UP ngunit apat lamang ang may antas ISI.[5] Sa buong UP System, ang bilang ng mga UP Scientist ay 60 lamang, at ang mga UP Artist ay 27. Sa UP Diliman, sa kabuuang 200 Centennial Professorial Chair Awards na iginagawad taon-taon na P100,000 bawat isa, 78 lamang ang nagawaran noong 2008 (ang 22 iba pa ay Centennial Faculty Grants) at 45 naman noong 2009 (ang 73 iba pa ay Centennial Faculty Grants).

May iba pang mga panukat na nagpapahiwatig na marami pa talagang dapat gawin upang maging pangunahing research university ang UP.

## ANG KULTURA NG PANANALIKSIK SA UNIBERSIDAD

Matutupad lamang ang mithiing ito kung makabubuo ng isang research culture ang unibersidad. Para magawa ito, kailangan ng isang kaisipan na nagpapatotoo ng datos, sumusuri ng mga bagay-bagay, at nagpapairal ng malikhain at mapanuring pag-iisip. Ang siyentipikong pag-iisip ay dapat na nasa kamalayan ng lahat ng bumubuo ng organisasyon upang umiral at lumaganap ang kultura ng pananaliksik.

Ang kulturang ito ang lalong magpapayabong sa kasalukuyang kahusayan ng mga guro sa unibersidad. Mananatiling mahusay sa pagtuturo ang UP, subalit magiging mas mahusay ang pagtuturo kung magiging mahusay sa pagsasaliksik.

Malaking hamon pa rin na maisadiwa ang kultura ng pananaliksik sa unibersidad. Lalong mahirap itong gawin sa isang sistemang maraming kampus tulad ng UP. May mga kolehiyong matagal nang naitatag at may bagong tatag pa lamang. May kampus na napakalaki at may kampus na iisang kolehiyo lamang. Iba't iba ang pamantayan ng mga kampus. Paano magagawang ganap na bahagi ng unibersidad ang kultura ng pananaliksik sa ganitong sistema?

## INSTITUSYONALISASYON NG RESEARCH CULTURE

Upang maging nangungunang research university ang UP, kailangang maipasok ang kultura ng pananaliksik sa patakaran ng hiring at tenure, sa mga programang insentibo, sa pagbabahagi ng pondo sa mga departamento, kolehiyo, yunit o kampus. Sa lahat ng ito, dapat bigyan ng mas mabigat na timbang ang dami at kalidad ng nalathalang saliksik at malikhaing gawa. Iminumungkahi ang sumusunod na programa at reporma na ang ilan ay naipatupad na sa UP Diliman sa panahon ng aking panunungkulan bilang Chancellor:

1. Pahusayin at palakasin ang mga programang gradwado. Sa mga ito napapanday ang mga mananaliksik at manlilikha. Itaas ang bilang ng mga napagtatapos ng doktorado. Kasabay nito, pahusayin at palakasin ang mga programang di-gradwado. Suportahan ang mga saliksik at malikhaing gawa ng mga estudyante at hikayatin ang mahuhusay na nagtapos ng mga di-gradwadong programa upang pumasok sa mga gradwadong programa.
2. Itaas ang bilang ng mga guro at mananaliksik ba may PhD. Pahusayin ang insentibo upang mag-PhD ang mga batang guro. Palawakin ang "sandwich model" ng mga programang doktorado.[6] Gawing minimum requirement ang PhD sa hiring ng guro sa mga kolehiyo na may espesyalisadong programa at gawing pangunahing kondisyon ang publikasyon o malikhaing gawa sa tenure, at sa iba naman, tanggapin lamang ang may masteradong degree at gawing minimum requirement ang PhD sa tenure. Magbigay ng mga insentibo sa mga yunit upang mapataas ang bilang ng PhD. Pag-aralin ng post-doctoral sa ibang bansa ang mga nagkamit ng PhD dito sa Pilipinas.
3. Gawing research department o research institute ang mga departamentong malakas na sa pananaliksik at nakapagbalangkas na ng malinaw at tiyak na research agenda. Pahusayin ang mga laboratoryo. Magtatag sa bawat kampus ng malakas na sentro ng

pananaliksik. Bumuo ng mahusay na pamantayan sa pag-aangat ng estado o kategorya ng mga departamento, yunit, kolehiyo at kampus batay sa dami at kalidad ng nabuong saliksik at malikhaing gawa. Pahusayin ang mga elektronikong aklatan at palawakin ang internet access sa lahat ng kampus.

4. Palakasin ang talakayan at inter-aksiyon ng mga mananaliksik sa unibersidad at mga partner sa industriya. Palawakin ang programa para sa technology pre-incubation at incubation, technology transfer at utilization.

5. Palakasin ang International Publication Award at magbigay ng insentibo sa mga nagkamit ng citation. Bigyan ng insentibo ang mga malikhaing gawa na naitanghal o dumaan sa mahigpit na pagsusuri (juried). Palakasin ang mga lokal na refereed journal at inter-kampus na kolaborasyon sa pananaliksik.

6. Suportahan ang mga internasyonal na kolaborasyon sa pananaliksik. Ipatupad ang Research Dissemination Grant[7] formula na nagbibigay ng mas malaking puntos sa mga yunit na mas maraming PhD at publikasyon sa mga respetadong journal at citation. Gamitin ang sandwich model sa mga doktorado bilang mekanismo ng international collaboration. Suportahan ang mga twinning o joint degree program na gradwado at mga university networking sa pananaliksik.

Upang maisakatuparan ang mga nasabing programa at reporma, kailangan ng UP ng yamang pinansiyal, tamang paggamit ng salapi, at mahusay na pamamahala nito.

## PINANSIYAL NA FLEKSIBILIDAD

Kailangan ng UP ang malaking halaga, hindi lamang para sa pananaliksik, kundi upang mapahusay ang kondisyong pinansiyal nito para sa pagpapatakbo ng unibersidad at

upang isulong ang kapakanan at benepisyo ng mga guro, administratibong kawani, REPS, at estudyante.

Isang realidad ang patuloy na pagtaas ng halaga ng higher education samantalang hindi na sapat ang budget mula sa gobyerno para sa mga higher education institutions. Laging nakikipagkumpetensiya ang UP sa budget na inilalaan para sa mga SUCs. Ang malaking bahagi pa ng budget ay para sa personal services o suweldo ng mga kawani. Kaya't limitado ang budget na nagagamit upang bigyang-diin ang mga estratehikong programa at inisyatiba.

Sa katunayan, pinapayagan ng bagong Charter and flexibility sa paglikha, paglikom, at paggamit ng yaman na aayon sa akademikong misyon ng unibersidad. Kailangan din ng mas malawak na flexibility sa mga patakaran sa paggasta ng internally generated income, ng pondong galing sa gobyerno, at iyong sa pribadong sektor.

Kasabay ng paglikha ng yaman ang masinop na paggamit nito, gayundin ang pagpapadali at pagpapahusay ng mga administratibong proseso upang maging mas episyente ang mga ito at mas maraming masuportahang programa ang limitadong budget ng unibersidad.

Sa mauunlad na bansa, maraming research university ang nagbubuhos ng lakas at yaman para sa basic research. Sa konteksto ng Pilipinas, dahil sa limitadong pondo, dapat maging mahigpit ang kawing (link) ng research agenda at ng layuning iangat ang ekonomiya ng bansa, lumikha ng trabaho at iba pang oportunidad, patatagin at palakasin ang mga industriya, at iba pang magpapabuti sa lipunan at kalagayan ng sambayanang Pilipino.

## PAGLILINGKOD SA BAYAN

Ang UP ay hindi lamang lumilikha ng kultura sa kahusayan sa pananaliksik, hinihikayat din nito na maging tapat ang kaguruan, mga kawani at mga estudyante sa misyon ng unibersidad na paglingkuran ang sambayanang Pilipino.

Upang maisakatuparan ang misyong ito, sinasanay ang mga estudyante na maging responsableng mamamayan at tapat na lingkod-bayan. Hinuhubog ng unibersidad ang karakter ng kaniyang mga estudyante sa pamamagitan ng paggabay sa kanila na matamo ang karunungan, linangin ang moral na pagpapasiya, itaguyod ang katotohanan sa lahat ng pagkakataon, at igalang ang kanilang sarili at kapuwa. Ang mga pagpapahalagang ito ay walang kapagurang itinuturo upang ang ating mga estudyante ay maging tunay at mahusay sa paglilingkod sa sambayanan.

## ANG GAMPANIN NG PANGULO

Maraming tungkuling dapat gampanan ang Pangulo ng Unibersidad ng Pilipinas. Dapat niyang isaalang-alang ang kapakanan at pagbutihin ang kalagayan ng mga sektor ng kaguruan, administratibong kawani, REPS, at estudyante. Maraming programa at patakaran ang dapat pagtuunan ng pansin – kahusayan sa pagtuturo at gawaing ekstensiyon, pagbalanse sa budget ng unibersidad, recruitment ng mahusay na kaguruan, pagtanggap ng kalipikadong estudyante, pagkilala at paggamit sa bagong teknolohiya at pamamaraan, pakikitungo sa mga institusyon at partner sa industriya, pakikipag-ugnayan sa Konggreso at sa pambansang pamahalaan, pakikipag-ugnayan sa mga lokal na pamahalaan sa mga rehiyon na may UP kampus, at ang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa alumni sa kanilang indibidwal na kakayahan at/o network sa gobyerno at pribadong sektor.

Ang Pangulo ng Unibersidad sa susunod na anim na taon ay dapat nakatutok sa kaniyang bisyon upang magkaroon ng katuparan ang kaniyang pangarap para sa unibersidad. Kailangan niyang magbuhos ng lakas at sigasig, talino at husay, at sa pakikiisa at pakikisangkot ng lahat, maisakatuparan niya ang pagiging pangunahing unibersidad ng UP na lumilikha ng karunungan para sa bayan at sa mundo.

Ito ang katuparan ng pangarap, isang Unibersidad ng Pilipinas na tunay na pambansa at para sa bansa.

# MGA TALA

1 Pasasalamat kay Dr. Sergio S. Cao at sa Opisina ng Kalihim ng Unibersidad ng Pilipinas para sa pahintulot na ibinigay sa paglalathala ng papel na ito.

2 Section 3, RA 9500 Republic Act 9500 “An Act to Strengthen the University of the Philippines as the National University”

3 Data from Commission on Higher Education

4 Asiaweek Magazine, June 30, 2000

5 Institute for Scientific Information. The ISI Science Citation Index is a multidisciplinary index to the journal literature of the sciences. It fully indexes 5,900 major journals across 150 scientific disciplines. The database includes all cited references captured from indexed articles.

6 Dito, ang faculty ay kumukuha ng course work sa UP at namamalagi sa institusyon sa labas ng bansa para bumuo ng disertasyon sa paggabay ng foreign supervisor at bumabalik para idepensa ang disertasyon.

7 Research Dissemination Grant provides support for presentation of papers in international conferences. It also provides assistance for journal page charges.